

Programa para sa mga Nag-aaral ng Wikang Ingles [English Language Learners Program] sa Distrito U-46 ng Paaralan

Transitional Bilingual Education (TBE)*

Ang programang Transitional Bilingual Education (TBE) ay para sa mga estudyanteng may karapatan, ngunit hindi Ingles ang katutubong-wika pero nagsasalita ng wikang laganap ang paggamit. Ang programa ay ituturo sa katutubong-wika ng estudyante at pagkatapos ay isasalin sa Ingles. Ang programa ay inaalok sa mga paaralan kung saan may 20 o higit pang may karapatang estudyante na pareho ang wika.

Transitional Program of Instruction (TPI)*

Ang **Transitional Program of Instruction (TPI)** o ESL (English as a Second Language) ay mandatoryong programa para sa mga may karapatang estudyante na nagsasalita ng mga wikang di laganap ang paggamit. Ang ilang mga halimbawa ng mga pangkat ng wika na kinakatawan sa programang ito ay: *Mandarin, Vietnamese, Lao at Arabic.*

Ang programa ay nagbibigay-suporta para matulungan ang mga estudyante na magtagumpay sa mga akademikong kurso at upang matuto ng Ingles. Ang programa ay ituturo sa Ingles gamit ang **Sheltered English Instruction**. Ang ilang halimbawa ng mga pangkat ng wikang kabilang sa programang ito ay: *Mandarin, Vietnamese, Lao at Arabic.* Sa sekundaryang antas ang mga klaseng ito ay isasama patungo sa pagtatapos o graduation.

Dual Language Program*

[Programang sa Dalawang Wika*]

Ang layunin ng programa ay ang maglinang ng kahusayan sa una at ikalawang wika ng mga estudyante, upang maging bilinggwal, bilateral at bikultural. Ang U-46 ay nag-aalok ng One-Way at Two-Way Dual Language (DL) na mga modelo ng programa. Ang One-Way at Two-Way DL programang mga modelo ng programa ay nagtataglay ng parehong mga prinsipyo ngunit nagkakaiba sa pagkakabuo ng mga pangkat ng wika.

In SaU-46, ang One-Way Dual Language na programa ay binubuo ng isang pangkat lamang ng wika: Mga estudyanteng nagsasalita ng Espanyol na may karapatang makatanggap ng mga serbisyong ELL.

Sa U-46, ang Two-Way Dual Language na programa ay binubuo ng dalawang pangkat ng wika:

- Mga estudyanteng nagsasalita ng Espanyol na may karapatang makatanggap ng mga serbisyong ELL at mga tumanggap na ng serbisyong ito,
- Mga estudyante na ang katutubong-wika ay Ingles o mas marurunong mag-Ingles.

*Kasama sa mga kailangan sa pagtatapos o graduation ang mga klase sa Programang ELL.

Para sa higit pang impormasyon sa mga programa sa pag-aaral sa kagawaran ng ELL, mangyaring sumangguni sa **Parent Handbook for ELL students [Librito ng Magulang ng mga estudyante sa ELL]** at/o sa website ng ELL: www.u-46.org/ell

Family Welcome Center



School Distrito U-46 ng Paaralan
355 E. Chicago St., Room 231
Elgin, IL
(847) 888-5000 Ext. 6038

English Language Learners Educational Services Office
355 East Chicago Street
Elgin, IL 60120
(847) 8885000 ext. 5331



Distrito U-46 ng Paaralan

Family Welcome Center



355 E. Chicago St., Room 231
Elgin, IL 60120
School District U-46
847-888-5000 x6038
Binago Hunyo 2013

Willkommen

歡

Witać

Benvenuto

BIENVENUE



Family Welcome Center

Maligayang pagdating sa distrito U-46 ng paaralan, isang komunidad na binubuo ng iba-ibang mag-aaral na kumakatawan sa higit sa 100 wika at mga kultura. Ang layunin namin ay ang maiparamdam sa bawat pamilyang bumibisita sa aming sentro ang respeto, halaga, at impormasyon habang pinag-aaralan nilang mag-navigate sa sistema sa pag-aaral ng U-46. Ang pangunahing pokus ng Family Welcome Center ay ang masiguro na ang mga estudyanteng may kaalaman sa wikang liban sa Ingles, ay mailagay sa naaangkop na programa sa pag-aaral, alinsunod sa Illinois State Board of Education (ISBE). Kami ay napakahalagang unang hakbang upang masuportahan ang pokus ng distrito sa **AKADEMIKONG PAGTATAGUMPAY PARA SA LAHAT** sa pamamagitan ng pagbibigay ng gabay at impormasyon sa mga pamilya, patungkol sa edukasyon ng kanilang mga anak. Ang rekomendasyon sa pagtatakda ay ang masiguro na matanggap ng mga estudyante ang programa sa edukasyon na angkop sa kanilang mga kakayahan sa akademiko at wika, upang maabot nila ito ng kanilang buong makakaya.

Ang mga Pangunahing Serbisyo ng Family Welcome Center ay:

- Matasa ang kahusayan ng bawat estudyante sa wikang Ingles, sa pamamagitan ng **Home Language Survey [Survey sa Wikang Ginagamit sa Tahanan]** bilang di pagkakaroon ng background sa Ingles batay sa sagot na “OO” sa kanilang tanong sa **Home Language Survey**.
- Matukoy ang karapatan ng estudyanteng makatanggap ng mga serbisyong ELL batay sa mga iskor na nakuha sa pagtatasa. Kung may karapatan ang estudyanteng makatanggap ng mga serbisyong ELL, itatakda ng Family Welcome Center ang angkop na rekomendasyon.
- Ipaalam sa mga bagong pamilya sa distrito ang kanilang mga programa sa pag-aaral para sa kani-kanilang mga anak.
- Magbigay ng impormasyon tungkol sa proseso ng pagpaparehistro.
- Ipaalam sa mga bagong pamilya sa distrito ang mga mapagkukunan ng impormasyon sa Distrito U-46 ng Paaralan at sa komunidad.



Pagtatasa at pagtatakda sa mga estudyante.

Sa panahon ng pagpaparehistro, kailangang kumpletuhin ng lahat ng bagong pamilya sa distrito ang **Student Information Form [Form sa Impormasyon ng Estudyante]** at ang **Home Language Survey [Survey sa Wikang Ginagamit sa Tahanan]**. Alinsunod sa Code 228.15 ng mga Paaralan sa Illinois, tinatasa ng distrito ang kahusayan ng bawat estudyante sa Ingles sa pamamagitan ng **Home Language Survey** bilang walang background sa Ingles gamit ang nakatakdang instrumento sa pagtatasa, na naaangkop sa antas ng estudyante. Tinatasa ang mga estudyante upang matukoy ang kanilang kahusayan sa wikang Ingles, na magsasabi kung maaari silang makatanggap ng mga serbisyo sa Programang ELL. Ginagamit ng Distrito U-46 ng Paaralan ang mga nakaatas na instrumento sa pagtatasa ng Illinois State Board of Education: **PRE-IPT, WIDA MODEL™**

W-APT™, ACCESS bilang saligan nito sa pagtukoy sa karapatan ng estudyante. Ang isang rekomendasyon patungkol sa angkop na pagtatakda at mga serbisyo ay nagagawa batay sa mga resulta ng nakatakdang pagtatasa. Ang U-46 ay nag-aalok ng iba-ibang programang ELL upang matugunan ang iba-ibang pangangailangan ng mga estudyanteng ELL, batay sa mga regulasyon ng ISBE.

Isang abisong patungkol sa pagpapalista at paglalarawan sa programang ELL ang ibibigay sa mga magulang/tagapag-alaga na may mga anak na may karapatang makatanggap ng mga serbisyo sa Programang ELL.

Ang mga magulang ay may karapatang tumanggap o tumanggi sa mga pagtatakda at rekomendasyon.

Kung ang estudyante ay walang karapatang tumanggap ng mga serbisyong ELL alinsunod sa mga pamantayan sa pagtanggap na ginagamit ng Distrito U-46 ng Paaralan at ng ISBE, ang mga magulang ay may karapatang kwestiyunin ang desisyong ito sa pamamagitan ng pagtawag o pagsulat sa:

Kane County Regional Office of Education [Panrehiyon ng Tanggapan ng Edukasyon ng Kane County]
210 South 6th Street, Geneva, Illinois 60134
Numero ng telepono (630) 232-5955